THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

# Maunlad na Pananampalataya

Sis Techie Rodriquez, Elder- Founder
Nobyembre 3, 2021

Ibig sabihin ng maunlad na pananampalataya ay tuloy-tuloy na paglago sa Kristiyanong pagtitiwala sa Diyos. Hindi lumalalim ang pananalig sa magdamag at nangangailangan ng aktibong paglahok para sa espiritwal na pag-unlad (2Pt. 1:5-7). Ang ating espiritwal na buhay ay may sariling antas gaya sa buhay ng tao. Dagdag pa nito, sa bawat antas ng ating pagkatao gaya sa buhay espiritwal, hinihingi ng Diyos sa atin na maging mabuti tayong tao.

**1.Pitong antas ng pananampalatayang maunlad:**

**1.1. Walang pananalig.** Isang uri ng pananalig na naiuugnay sa limitadong kaalaman tungkol sa Diyos. Nailalagay sa alanganin ang buong pagtitiwala sa oras ng krisis o kahirapan. Ang kwento tungkol kay Jesus at ang Kanyang mga alagad ay isang paalala sa pakikibaka sa unos at kung paano harapin ang mahirap na sitwasyon na nagdulot ng pagdududa sa proteksyon ni Jesus sa kanila (Mk. 4:35-41). Walang duda ang pagka-Diyos ni Jesus dahil patuloy ang paggawad Niya ng proteksyon, paggawa ng himala, at pagmamahal sa lahat. Sa kabila ng mga ito, bakit nag-aalinlangan pa rin ang mga Kristiyano?

**1.2. Katiting na pananalig**. Isang uri ng pananalig na nagbibigay ng hangganan sa kakayahan ng Diyos dahil umaasa sa sariling kakayahan. Para lumago sa pananalig, dapat tayong mga Kristiyano ay matutong magtiwala sa Kanya higit lalo sa panalangin (Jer.29:11-14). Maaaring matulad tayo sa mga Israelita sa kwento sa Exodo na uminom ng sariwang tubig mula sa bato sa disyerto na hinampas ni Moses, ngunit nagtanong pa rin sila kung mabibigyan sila ng pagkain (Ps. 78:20). May dalawang uri ng maliit na pananalig na nag-uudyok sa atin para mag-alinlangan:

**1.2.1. Pag-alis ng paningin sa Diyos.** Hindi uunlad ang ating pananalig kung ito'y tumubo sa kabatuhan (Mt.13:5-6). Unti-unting namamatay ito kung nakararanas tayo ng pagsubok dahil ang binhi ng pananalig ay walang gaanong ugat.

**1.2.2. Pagtitiwala sa sarili.** Hindi tiwala sa Diyos ang hadlang sa pagdaloy ng mga biyaya sa atin kundi ang kakulangan ng tiwala sa sarili. Iniisip din natin na nagpaparamdam lamang ang Diyos sa oras ng pangangailangan. Dapat nating tandaan na hindi abala ang Diyos; handa Siyang tumugon sa ating lahat. Baka manalig tayo sa ating sariling kakayahan para lutasin ang ating suliranin at isiping pawang kalokohan lamang ang pagtiwala sa "himala" ng Diyos. Ayon kay San Pablo, "Ang inaakala nilang kahangalan ng Diyos ay karunungang higit kaysa lahat ng karunungan ng tao" (1Cor.1:25). Hinihimok tayong magtiwala sa Diyos at ipaubaya sa Kanya ang lahat. Pagkatapos, mararanasan natin ang himala at solusyong di abot ng ating sariling talino para maintindihan ang lahat.

(itutuloy)

**Konklusyon:**

Ang paglalakbay natin kasama ang Diyos ay hindi dapat tumigil. Kailangan nating sumunod sa Kanyang pamamaraan at sa Kanyang Salita. Nais ng Diyos na umunlad ang relasyon natin sa Kanya.

**Pagninilay:**

1.Ano ang kalagayan ng pananalig mo sa ngayon?
2. Paano mo mapapaunlad ang iyong pananalig?
3. Sino ang katulong mo sa pagpapaunlad ng iyong pananampalataya?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/
#Pananalig; #Pagsunod; #Tiwala